

CREATED BY
WISEOWL





# COVID-19, KALABANIN!




Dito sa aming bahay,
sama-sama sa lahat ng bagay.



Sama-sama sa pagbangon,
sama-sama pagdating ng hapon.
Pati sa pagtulog, kami'y nagtitipon.

CREATED BY WISEOWL PH

Isang araw, sa aming bayan,
may dumating na kalaban.
COVID-19 daw ang
kanyang 'ngalan!





CREATED BY WISEOWL PH

Ang powers ng mga lolo't lola,
'di sapat sa kalaban!
Pati ang mga tatay at nanay,
NAKU! Takot madampian!






CREATED BY WISEOWL PH



Ayon sa bali-balita,
lahat ay nanghihina
basta kanyang mahawakan.
GRABE! Ibang klaseng kapangyarihan!

CREATED BY WISEOWL PH





Ako'y na-badtrip,
'di mapigilang mapaisip.
Paano ko pipigilan ang
ganito katinding kalaban?

CREATED BY WISEOWL PH

# AHA! Alam ko na!



Ang problemang ito'y kayang-kaya!
Tinawag ko ang buong pamilya!
Lolo, Lola, Tatay, Nanay, pati si Bunso...
Ang sabi ko, "Si COVID-19,
alam ko na kung paano kalabanin!"



Tulad ng dating gawi...

Sama-samang maghuhugas ng kamay!
Sapat na tubig at sabon ay ilagay,
kuskos sa kaliwa, kanan,
taas, baba, paikot-ikot!
Huwag ding kalilimutan
bawat daliri at pagitan,
pati na rin ang
mga kuko!

CREATED BY WISEOWL PH

Sama-samang maglilinis ng bahay,
kay Nanay at Tatay,
kami'y umaalalay!



Disinfect dito, disinfect doon!
Punas dito, punas doon!
Makintab na, kontra-virus pa!

Sama-sama ring kakain,
at masustansya lang ang bibilhin!
Basta gulay at prutas,
kami'y kampante at ligtas!

Kahit si bunso na dati'y
puro pritong manok,
ngayon, sa ginisang gulay
reding-redi sumubok!



CREATED BY WISEOWL PH

Pero ’di ako magsisinungaling,
minsan ako’y nalulungkot din.



Noon, tuwing hapon kasama ko ang tropa –
naglalaro kami ng taguan at langit-lupa!

CREATED BY WISEOWL PH



Minsan napansin ni Lola,
ako'y malungkot dahil malayo sa barkada.
Sabi niya, "'Wag mag-alala! Pansamantala,
tayo muna ang magkakasama!"

CREATED BY WISEOWL PH

# Sama-sama kaming may bagong natututunan!

Marunong palang
mag-madyik si Lolo!





At si Lola tinuruan kaming
magsulsi ng butas sa
aming polo!



**Pati sa zumba ni Nanay,**
**damay na rin si Tatay!**

CREATED BY WISEOWL PH



At kaming mga chikiting, nag-aaral pa rin ng Science, Math, Drawing, at Reading! Para sa susunod na pasukan, siguradong kami ang Top 1!

Pero bago dumating ang araw na 'yon,
dito muna kami...



CREATED BY WISEOWL PH

# Sama-samang ligtas! Bawal lumabas!
# Para si COVID-19, siguradong walang bakas!



CREATED BY WISEOWL PH